

PROLOGUE

Isa-isang sinisipat ni Maelgar ang mga bagong bihag. Isang grupo iyon ng mga Erranfilians na sapilitan niyang kinuha mula sa bayan ng Saltzman sa Erranfil. Walang nagawa ang pamilya ng walong kababaihang nasa harap niya ngayon.

Mabagal ang bawat kilos ng itim na engkantada. Bawat hakbang niya ay nagdudulot sa kanya ng matinding sakit. The smell of rotten flesh reeked from her. Puno ng mga sugat ang kanyang buong katawan, kusang humihiwalay ang balat sa laman. Literal na naaagnas ang mortal niyang katawan dahil hindi nito kinakaya ang kanyang malakas na kapangyarihan.

Kailangan na naman niya lumipat sa isang bagong katawan ng tao. Ika-apat na magmula noong lisanin niya ang orihinal niyang katawan. Sa loob ng dalawampung taon, walang mortal na katawang tumagal sa kanya.

Muli niyang tiningnan ang mga bihag niya, mga babaeng nasa pagitan ng labinlima hanggang sa tatlumpo ang gulang. Even in their dazed state, she saw terror in their eyes, saw their bodies quiver with fear.

Napaismid siya. Hindi rin magtatagal kung isa sa mga ito ang pipiliin niya. Wala siyang makitang espesyal isa man sa mga ito. They were weak, both in body and in spirit. She had stripped them of all hopes and freedom.

Mula nang sakupin niya ang apat na kaharian, napasailalim na rin niya ang lahat ng bayan at mamamayan. She constantly used them to her advantage. Ginagawa niyang pagkain ng kanyang mga alaga ang matatanda't mahihina, sapilitang ginawang alipin ang malalakas na kalalakihan, babae at bata.

There were a brave few who tried to rebel against her. Ngunit walang laban ang mga ordinaryong mortal sa taglay niyang mahika. Ang mga hindi napatay sa labanan ay binihag niya at pinahirapan bilang parusa hanggang sa ang mga ito na mismo ang humiling na mamatay. Ngunit wala siyang pinagbigyan isa man. She let them all die an agonizing, slow death.

Maelgar laughed at the thought. Masarap sa kanyang pakiramdam na binuhay niya ang ganoong kawalan ng pag-asa sa mga tao. Ang takot at pagsuko ng mga ito ang lalong nagpapalakas sa kanya.

Bumalik siya sa kanyang trono at naupo. Itinuro niya ang isang dalagang sa tingin niya ay mas malakas

kaysa sa iba.

“Kunin n’yo siya at dalhin sa *yfah buut*,” tukoy niya sa isang bulwagan sa tore ng palasyo kung saan niya ginagawa ang mga ritwal at sumpa. “Thanda siya para sa gagawing ritwal.”

Malakas ang naging sigawan ng mga kasama ng dalaga. Isang nakatatandang babae ang yumakap pa rito habang kinakaladkad ng mga tauhan niya ang babae. Panay ang panaghoy nito at pagmamakaawa.

“*Yuyrab!*” panay naman ang tawag ng napili niyang dalaga sa kapatid nito.

Sa galit ay itinaas ni Maelgar ang setro at itinuro sa nakahawak na babae. Pumulandit mula roon ang kidlat ng enerhiya. Sa isang kisapmata ay nag-apoy ang katawan ng babae. Nakalulunus ang naging sigaw nito na agad ding natigil nang bumagsak ang walang buhay at sunog nitong katawan sa lupa.

“*Yuyrab!*”

Ngunit wala isa man ang tumugon sa tawag ng pobreng dalaga.

1

“Isang kahangalan ang iniisip mo, Bartos!” ani Heneral Artemis, ang kasalukuyang pinuno ng mga Aer at ama ni Eros.

“Sa palagay mo ba’y hahayaan kayong mabuhay ni Maelgar oras na sumuko kayo? Isa siyang malupit na mangkukulam, nakalimutan mo na ba?”

Eros’ jaw tightened from where he hid. Hindi niya intensyong mag-espiya sa dalawa. Nagkataon lamang na hinanap niya ang ama at nakita niyang nag-uusap ang dalawa kaya nagpasya siyang makinig.

Nagbabalak kasing umalis na ng isla ng Aeronia si Bartos kasama ang ilan sa kanilang mga kasama. Gusto ng mga itong sumuko na lamang kay Maelgar kaysa patuloy pang makipaglaban.

“At ano ang gusto mo, Artemis? Ang sumunod kami sa iyo at patuloy na magmatigas? Ikaw na rin ang nagsabing isa siyang malupit na mangkukulam. Anumang oras ay puwede niyang dalhin ang puwersa niya sa islang ito at lipunin tayong lahat. Ano ang laban natin sa kanya?”

“Hindi tayo nag-iisa. Bumubuo na muli ng

puwersa ang mga taga-Fands at Erranfil at maging ang mga taga-Thyrian. May natitira pa ring pag-asa, kaibigan.”

“Ang sinasabi mo ang kahangalan, Artemis. Ilang grupo na ba ang nagtangka at nabigo? Hindi pa ba kayo nagsasawa? Hindi n’yo pa rin ba maunawaan na wala tayong kalaban-laban sa kapangyarihan ni Maelgar?”

“Mas may dangal pa rin ang mamatay nang lumalaban.”

“Dangal?” Pauyam na humalakhak si Bartos. “Anumang dangal na nalalabi sa ating lahi ay ninakaw na ng mga taong ipinaglalaban mo. Nakalimutan mo na ba kung bakit nakabilanggo tayo sa islang ito? Matagal na tayong itinakwil ng buong Aschelon, Artemis. Halimaw ang turing nila sa ating lahi, katulad din ng turing nila sa mga Zuveris!”

“Hindi totoo ’yan! Hindi tayo mga bilanggo. Malaya tayong magpunta saan mang sulok ng Aschelon. At alam mong kusang-loob na lumikas dito ang ating mga ninuno.”

“Dahil kung hindi nila iyon ginawa noo’y baka natulad lang tayo sa mga Zuveris. Nalipol nang walang kalaban-laban.”

Nakita ni Eros ang matinding tensyong gumuhit sa mukha ng ama. Alam niyang nahahati ang damdamin nito, katulad rin ng nararamdaman niya.

Ang mga Aer ay isang lahi ng mga taong-ibon. Katulad ng mga Zuveris, ordinaryong tao rin lang ang hitsura nila ngunit may espesyal silang kakayahang magbago ng anyo. Kung ang mga Zuveris ay nagagawang magmukhang baka, ang mga Aers ay may abilidad na magkaroon ng pakpak at lumipad. Taglay nila ang bilis at talas ng mga mata ng isang agila.

Dati, kasamang namumuhay ng kanilang lahi ang ibang Aschelonians. Ngunit nang maganap ang digmaan isang daang taon na ang nakalipas na naging sanhi ng pagkalipol sa lahi ng mga Zuveris, nagpasya ang kanilang mga ninuno na lumisan doon at mamuhay nang tahimik sa maliit na isla ng Aeronia.

They were a self-sufficient race. Nakabukod man sila, hindi naging hadlang iyon para hindi matugunan ang kanilang mga pangangailangan. Bihira silang makihalubilo sa ibang mamamayan, bihirang makiisa sa anumang kasiyahan sa alinmang kaharian. Ang mga bagong henerasyon ng Aer ay sinanay na maging ilag sa ibang Aschelonians. Ganoon na siya lumaki

gaya ng mga kaedad niya. Alam nila ang kanilang kasaysayan at wala isa man sa kanila ang sumalungat sa ganoong pamamaraan.

Magkagayon man, kapag nangailangan ng tulong ang isa man sa apat na kaharian ay kusang-loob na tumutugon ang mga Aer.

“Hindi na magbabago ang pasya namin, Artemis. Aalis kami pagputok ng bukang-liwayway bukas. Wala akong pinilit na sumama sa akin. Sarili nila’yong pagpapasya. Kung hindi ka sang-ayon sa aming binabalak, hindi kita pipilitin. Sana lang ay hindi mo rin kami hadlangan.”

“Bartos, *fhaya!* Mapanganib ang gagawin n’yo. Pakiusap, pag-isipan mo itong muli.”

Malungkot na ngumiti si Bartos at umiling. “Buona ang pasya ko, Artemis.”

Iyon ang huli nitong sinabi bago ito lumipad palayo sa kanyang ama. Nanlulumong umalis na rin doon si Eros. Kailangan niyang makausap si Alina, ang kanyang kasintahan na anak ni Bartos.

Natagpuan niya ang dalaga na nag-iisa sa batis na madalas nilang tagpuan.

“Alina,” tawag niya.

Nag-angat ito ng mukha, magiliw na ngumiti at saka lumapit sa kanya. Yumakap ito sa kanyang leeg at walang babalang hinagkan siya.

“Kanina pa kita hinihintay dito. Gusto kitang makita bago man lang kami umalis bukas.”

“Alina.” Wala siyang makapang sabihin.

Napakaganda nito sa paningin niya. His perfect bride. Kung hindi nga lang nangyari ang pananakop ni Maelgar, naikasal na sana sila.

“Talaga bang desidido na kayong umalis? Alam mong mapanganib ang binabalak ng iyong ama. Hindi ka ba natatakot?”

“Natatakot ako. Ngunit malaki ang tiwala ko sa aking ama. Alam kong hindi niya kami ipapahamak.”

“Pero—”

Idinikit ng dalaga ang isang hintuturo sa tapat ng kanyang bibig.

“Maaari bang huwag na lamang iyon ang pag-usapan natin? Gusto kong sulitin ang nalalabing oras ko dito sa Aeronia kasama mo.”

“Huwag ka nang sumama, Alina. Isang malaking pagkakamali ang gagawin ng iyong ama.”

“Paano magiging pagkakamali ang pagnanais na mabuhay? Pagod na si Ama sa isang walang katiyakang digmaan. *Wa hoyr todab.*” Bahagyang nanginig ang tinig nito pagkaalala sa nasawing ina. “Ayaw na niyang maranasan ang muling mawalan ng mahal sa buhay.”

Naglapat ang mga labi niya. Siya man ay nawalan din ng ina, ng mga kamag-anak, ng mga kaibigan. The war had orphaned countless children. Wala isa man sa kanila ang hindi nawalan.

“Kung gusto mo, sumama ka na lamang sa amin, Eros.”

“Alam mong hindi ko puwedeng gawin ’yun. Hindi ko puwedeng talikuran ang aking ama.”

Gaano man niya kamahal si Alina, naniniwala pa rin siya sa prinsipyo ng kanyang ama, na mas may dangal ang mamatay nang nakikipaglaban.

“Kung ganoon...” Napakagat-labi ang dalaga. Sumungaw ang dalawang butil ng luha sa mga mata nito.

“Manatili ka na lamang dito sa piling ko. Pangako, pangangalagaan kita.”

Umiling ito at malungkot na ngumiti. “Hindi ko

rin kayang talikuran ang aking ama, Eros.”

“Alina...”

She stared at him with her round amber eyes. Umangat ang isang palad nito at humaplos sa kanyang pisngi. He closed his eyes and leaned toward her touch.

Inwardly, he wanted to curse the heavens. Hindi nila dapat dinaranas ang ganito kasakit na tagpo.

Ginagap niya ang kamay ng kasintahan at masuyo iyong pinisil.

“Angkinin mo ako ngayon, Eros. Gusto kong ibigay sa iyo ang aking sarili. Para kahit hindi na tayo magkita, maaalala mo pa rin ako.”

Alina’s voice quivered with grief; her eyes watered with fresh tears.

Nanatili siyang walang kibo at nakatitig lang sa nobya. He could not think straight, could not utter the right words to speak. They were being torn apart and they were both helpless.

Nang hindi pa rin siya kumilos ay hinila na ni Alina ang ulo niya. And when their lips touched, they didn’t let go.

Kinabukasan, gaya ng sinabi ni Bartos ay nilisan ng ilang grupo ng Aer ang Aeronia. Nakatanaw lamang si Artemis sa tuktok ng burol ng Haeo habang palayo nang palayo sa kanilang paningin ang pulutong.

“Ama...”

“Ikaw pala, Eros.” Ni hindi siya nilingon nito. Halata sa tinig nito ang matinding pagdadalamhati. Tinabihan niya ang ama. Kapwa sila nakatingin sa pulutong na mistulang lumikha ng isang makapal na itim na linya sa kalangitan habang papalayo.

“Ano na ang binabalak mo?” tanong niya.

Nagtagis ang mga bagang nito. “Masama ang kutob ko, Eros. Sigurado akong hindi sila pagbibigyan ni Maelgar. Mapapahamak sila.”

Iyon din ang pakiramdam niya.

Bigla siyang tinalikuran ni Artemis.

“Ama, saan ka pupunta?”

“Susundan ko sila.”

“Nang nag-iisa?”

Malungkot itong tumango. “Ayoko nang...” Hirap itong ituloy ang sasabihin. Batid niya ang nararamdaman ng ama. They had lost so many good

men and women... so many loved ones.

“Kailangan ko itong gawin nang nag-iisa, Eros.”

“Hindi ako papayag! Sasama ako.”

“Ngunit kailangan mong manatili dito. Kailangan mong panatilihing ligtas ang ating lahi. Ikaw ang magsisilbing pinuno nila habang wala ako.”

“Ngunit—”

“S’undin mo na lamang ako, Anak.”

He knew better than to speak against his father. Sinarili na lamang niya ang pagtutol. Sa isip ay nabuo na ang pasya niyang sundan ito.

Bumalik sila sa kanilang bahay. Kinuha lang ng kanyang ama ang pana’t palaso. Matapos magbigay ng habilin ay nilisan na rin nito ang Aeronia.

Matapos ang kalahating oras ay tinipon naman niya ang ilang mga kasama. Sinabi niya rito ang balak at tinanong kung nais ng mga itong sumama. Sumang-ayon ang lahat.

Sa talampas ng Zerai na sakop ng kaharian ng Thyrian nagtipon ang pulutong. Mula roon ay lalakaran na lamang nila ang burol ng Tesalon. There were *gedrocht*—dog-human hybrid soldiers created

Dark Angel - Doreen Laroya

by the evil enchantress to guard the area. Doon sila susuko.

Bitbit ang puting piraso ng tela na itinali sa isang mahabang patpat ay tinalunton na ng grupo ang daan patungo sa burol.

2

Malakas ang kaba ni Bartos habang naglalakad sa unahan ng grupo. Hanggang ngayon ay tinitimbang pa rin niya sa sarili kung tama ang kanyang ginawang pasya. Alam niyang tama si Artemis. Mapanganib ngunit ito na lamang ang naisip niyang daan upang makapamuhay na sila ng tahimik.

Susuko sila at hihingi ng patawad kay Maelgar. Kung kinakailangang sumumpa siya ng katapatan dito ay gagawin niya, huwag lamang silang saktan nito.

Nilingon niya ang mga kasama. Katulad niya, kakikitaan ng takot ang mga ito. Ang iba ay panay pa ang lingon sa pinanggalingan nila.

He felt the firm squeeze of Alina's hand in his. Napalingon siya sa katabing anak at malungkot na napangiti.

Batid niyang nadudurog ang puso nito dahil iniwan nito sa Aeronia ang tanging lalaking minahal. She looked so much like her mother, and she loved as deeply as his precious wife did.

“Patawarin mo ako, Anak,” malungkot niyang

bulong.

“*U hova du*, Ama. Wala kang dapat ihingi ng tawad sa akin.”

Her simple words somehow comforted him.

Nang marating nila ang Tesalon ay agad silang binihag ng mga *gedrocht* at dinala sa kulungan na naroon din sa burol. Pinakiusapan niya ang namumuno at sinabing wala silang layuning makipaglaban, na naroon sila upang umanib na sa puwersa ni Maelgar.

Nagpadala kaagad ito ng mensahe sa itim na engkantada.

Mula sa pinagtataguan sa pagitan ng dalawang magkatabing malaking bato ay nakamasid si Artemis sa nangyayari sa loob ng kulungan kung saan dinala sina Bartos. Ilang sandaling nakaupo lamang sa malawak na parang ang grupo nito at napapalibutan ng mga *gedrocht*.

Hindi nagtagal at biglang lumitaw ang isang animo salamin sa harapan ng grupo. Nakikita niya roon ang mukha ng isang babae, malayo sa hitsura ng dating si Maelgar ngunit malakas ang kutob niyang ito na nga iyon.

Hindi niya narinig ang sinabi nito. Basta natanaw

na lamang niyang biglang kinuha ng ilang *gedrocht* si Alina. Pagkatapos ay isa-isa nang inatake ng mga ito ang grupo. Kahit nabigla, nagawa pa ring manlaban ng kanilang mga kasama. May ilang pinalad na makalipad palayo sa lugar. Ngunit hindi si Bartos.

Nagpilit pa rin itong lumaban upang iligtas ang anak.

Kinuha niya ang pana at pinalabas ang mga pakpak. Walang pagdadalawang-isip niyang sinaklolohan ang kaibigan.

“Artemis!”

Iniumang niya ang pana sa may unahan ni Bartos. Sapol sa gitna ng noo ang *gedrocht* na palapit dito.

“Tama ka, Artemis. Patawarin mo sana ako.”

Tinapik lang niya ang kaibigan sa balikat. “Hindi ito ang oras upang mag-usap tayo, Bartos. Kailangan nating iligtas si Alina.”

Tumango ito. Sabay pa silang lumipad ngunit hindi pa sila nakalalayo ay biglang humiyaw si Bartos. Nang lingunin niya ang kaibigan ay nakita niyang nasusunog ang pakpak nito. Bago pa niya ito mahawakan ay bumagsak na ito sa lupa. Kitang-kita niya nang tumama ang likod nito sa isang matulis

na bato.

“Bartos!”

Siya man ay hindi nakaiwas sa nagbabagang bato na inilalabas ng kanyong gamit ng mga *gedrocht*. Bukod doon ay hindi rin niya nagawang makaiwas sa matutulis na palaso. He was hit just below his chest.

Ramdam niya ang init at sakit ng nasusunog na pakpak at ang malalim na pagkakabaon ng palaso sa kanyang katawan. Mabilis na nauubos ang lakas niya. Bumubulusok siya sa kanyang katapusan at wala na siyang nagawa kundi pumikit. Ngunit bago pa siya sumayad sa lupa ay naramdaman niyang may isang humila sa kanyang braso at umalalay sa katawan niya at muli siyang inilipad pataas.

Mukha ni Eros ang kanyang nakita nang magmulat siya ng mga mata.

“A-Anak...”

“Huwag ka munang magsalita, Ama.”

Eros flapped his wings fiercely as they soared higher and farther away from the enemy. Sa nanlalabo niyang paningin, nakita pa niya ang ilan pang mga Aer na kasabay nilang lumilipad.

Hindi na niya namalayan kung gaano katagal

bago sila nakabalik sa Aeronia.

“Ama...”

Dahan-dahang nagmulat ng mga mata si Artemis. Nakahiga na siya noon sa isang papag. Namamanhid ang buo niyang katawan at kahit anong sakit ay wala na siyang maramdaman. Alam niyang hindi na siya magtatagal.

“S-si Bartos?”

Malungkot na umiling si Eros. Mariin siyang napapikit.

“May ilan sa mga kasama niya na nakatakas. Ligtas silang nakabalik dito sa isla.”

Hindi na maganda ang hitsura nito. Batid ni Eros na ilang sandali na lang ay mawawala na rin ito sa kanya. Iyon din ang sinabi ng manggagamot.

Nagtagis ang kanyang mga bagang. Naghalu-halo na ang kanyang emosyon; lungkot, panghihinayang, matinding galit. Gusto niyang bumunghalit ng iyak ngunit pinigil niya ang sarili. Hindi dapat makita ng ama ang kanyang kahinaan.

“H-hindi na ako magtatagal, Eros.”

Hindi niya nagawang sumagot. Bawat lunok na

gawin niya ay animo asidong sumusugat sa kanyang lalamunan.

Itinaas ni Artemis ang isang nanginginig na kamay at ipinatong sa kanyang balikat. “Makinig kang mabuti, Eros. Isinilang kang may kakambal na pambihirang kapangyarihan. *Du eba mayrunam ro an avuh en bayroba faeca*. Sa takdang panahon sana’y matutunan mong piliin ang kapakanan ng nakararami higit sa iyong sarili.”

Wala siyang maunawaan sa sinasabi ng ama ngunit hindi na lamang siya nagtanong. Siguro ay nagdedeliryo na ito kaya kung anu-ano na ang lumalabas sa bibig. Paano niya magagawang wakasan ang kasamaan at ibalik ang katahimikan sa Aschelon? Hindi nga niya nagawang iligtas ang nabihag na kasintahan.

“Isa kang mabuting anak at isang matapang na mandirigma, Eros. I-ipinagmamalaki kong ako ang iyong naging ama.”

Ginagap niya at mariing pinisil ang palad nito. Artemis took one last gulp of air. His body convulsed for a few seconds. At nang tumigil ang panginig ng katawan nito ay tumigil na rin ang paghinga nito.

Eros felt his heart breaking. Hindi na niya napigil

ang emosyon. Niyakap niya nang mahigpit ang bangkay ng ama at ilang sandaling humagulgol.

Sa labas ay nanangis din ang mga Aer sa pagkamatay ng kanilang magiting na pinuno. Higit ang panangis ng mga pinalad na makaligtas sa patibong ni Maelgar.

Sa di-kalayuan, sa isla ng Caelum, dinig ng Verndari na si Ceridwen ang panaghoy ng buong Aeronia. Isa na naman iyong dagdag na pabigat sa kanyang puso. But everything happens for a reason. Kung paanong hindi mabubuo ang isang matibay na espada kung hindi ito idadarang sa apoy, babayuhin ng maso at lulunurin sa malamig na tubig, hindi rin mahuhubog ang isang matapang at matibay na mandirigma kung hindi ito idaraan sa pagsubok.

Ang mahalaga ay sumapit na ang takdang oras, ang hinihintay niyang panahon. Nasa tamang gulang na ang susi. Oras na upang ang puwersa naman ng kabutihan ang maglunsad ng opensiba. Panahon na upang gisingin ang *gaisma*.

Samantala, sa palasyo ng Thyrian...

Nagising si Alina na nasa loob siya ng isang silid. Nakahiga siya sa isang malapad na mesang

kahoy. Nang tangkain niyang kumilos ay hindi niya magawang igalaw ang kanyang buong katawan. Tanging ang ulo lamang niya ang nagagawa niyang ipaling.

Nilukuban siya ng takot, lalo na nang matuklasan niyang wala siya ni isa mang saplot. Binuksan niya ang bibig para sumigaw ngunit walang tinig na lumabas mula sa kanyang lalamunan.

Bumukas ang malaking pinto at pumasok sa silid ang isang babae. Ito rin ang babaeng nakita nila sa kulungan sa Tesalon, ang babaeng naghiwalay sa kanya sa kanyang mga kasama.

Si Maelgar!

Sa hitsura ay hindi ito nakakatakot. She had the face of a child; beautiful, innocent... Ngunit hindi ang mga mata nito. Matatalim ang bughaw nitong mga mata, may lisik na nagsasabing dapat itong katakutan. At nang oras na iyon, takot na takot siya.

Lumapit ito sa isang mesang bato. Nanlaki ang mga mata niya nang makitang kinuha nito ang isang kutsilyo. She could feel herself trembling. Her every muscle and every nerve quivered with fear.

“Masuwerte ka,” panimula nito. Maelgar’s voice was soft. Ngunit may diin iyon na nakakapagpatayo

ng balahibo.

“Matagal na akong naghahanap ng isang espesyal na katawan, ’yung sapat ang lakas upang hawakan ang aking kapangyarihan.”

Lumapit ito sa kanya. Nanlaki ang mga mata niya nang itaas nito ang kutsilyo at muling ibaba. Ang dulo niyon ay ipinatong nito sa kanyang noo at mabagal na pinaglandas pababa sa pisngi niya. Hindi sapat ang pagkakadiin niyon para sugatan ang kanyang katawan ngunit sapat para maramdaman niya ang talim niyon.

The dagger slid down her neck, traced the bones under her throat, then went down between her breasts. Hinihinala siya sa takot. Gusto na niyang sumigaw, magwala. Ngunit ang tanging kaya niyang gawin ay ang sundan ng tingin ang nilalandas ng dulo ng patalim. Nang humantong iyon sa kanyang pusod ay muli na iyong inangat ni Maelgar.

“Isa kang pambihirang nilalang, Alina.” Ang palad naman nito ang humaplos sa kanyang mukha. *“Dub somd wu yabva ta wah.”*

Hindi! Suminghap siya’t panay na ang tulo ng luha. Hindi siya makakapayag na gamitin nito ang kanyang katawan. Ngunit ano ang kanyang

magagawa?

Ama... Eros, tulungan n'yo ako. Sa isip na lamang niya iyon nagawang isigaw. Mahihinang daing lang ang lumalabas sa kanyang bibig.

Umusal ng isang orasyon si Maelgar. Nang matapos ito ay nagkaroon ng usok sa kanilang paligid. Lumitaw ang apat na nilalang na may kakaibang hitsura. Sobrang puti ng mukha ng mga ito ngunit halatang magaspang ang kutis. Ang mga mata nila ay katulad ng sa mga pusa, at namumula ang mga gilid. Matingkad na abo ang kulay ng mga labi ng mga ito.

“Handa na kami sa ritwal.”

Tumango lang ang apat. Walang mga salitang lumabas sa bibig ng mga ito. Ni hindi nga siya sigurado kung may kakayahan ang mga itong magsalita. Ang tanging naririnig niya ay isang malakas na ugong.

Lumayo sa kanya si Maelgar kasabay ng paglapit ng isa sa mga nilalang. From the corner of her eyes, she saw the evil enchantress disrobe. Humiga ito sa katabi niyang mesa.

Pinalibutan siya ng mga nilalang. Isa ang tumapat sa kanyang kaliwa. Hawak nito ang kutsilyo na kanina lang ay hawak ni Maelgar. The other three hummed as the one holding the dagger lifted it up and aimed

it straight at her heart.

Huwag!

Ramdam na ramdam niya ang pagtarak ng patalim sa kanyang puso. The pain was excruciating. Mainit... mahapdi...

Umigkas ang katawan niya nang ipihit pa ng nilalang ang kutsilyo habang nakatarak iyon sa kanyang dibdib na para bang gumagawa ng isang maliit na butas sa kanyang puso.

Blood rushed to her face and spilled out of her mouth. She could feel her life force slowly fading. Unti-unting nagdilim ang kanyang paningin, naging malamig ang pakiramdam. Nakatayo sa tabi niya ang mga halimaw, naghihintay hanggang sa unti-unting bumagal at humina ang kanyang paghinga. Naging mabagal din ang tibok ng puso niya. Mamamatay na siya ngunit sa unti-unting pagkawala ng kanyang buhay, ramdam pa rin niya ang matinding sakit. Walang tigil sa panginginig ang kanyang katawan. Panay rin ang mahihina niyang ungol.

Sa kabilang mesa ay isang nilalang din ang nasa tabi ni Maelgar. Wala itong hawak na anuman. Itinaas nito ang isang butuhang kamay, unti-unting humaba ang maiitim na mga daliri. And then it struck Maelgar

on the chest. Bumaon ang buong kamao nito sa dibdib ng engkantada. Nang hugutin nitong muli ang kamay ay nakatikom na iyon.

Lumapit iyon sa mesang kinalalagyan niya, sa kasama nitong nasa tabi pa niya. Ibinuka nito ang duguang kamay. May isang itim na batong kasinglaki ng chico na nasa palad nito. May parang usok na kumikilos sa loob niyon.

Kinuha iyon ng nilalang na nagtarak sa kanya ng patalim. Inalis na nito ang kutsilyo na nasa dibdib pa niya. Sa sugat na nilikha niyon ay doon nito isinuksok ang itim na bato.

Nakaramdam siya ng nakapapasong init na lumukob sa kanya. Her severed heart swallowed the black stone. It vibrated inside and her body vibrated with it.

Her limp form thrashed forcefully for several minutes. Para siyang tinatangay ng isang uli-uli. Lamang ay hindi siya naalis sa lugar na iyon. Sa paligid ng mesa ay panay ang pagbigkas ng orasyon ng mga nilalang.

Nakaramdam si Alina ng matinding puwersa na nanggaling sa kanyang sikmura at tumutulak paakyat sa lalamunan niya. Ibinuka niya ang bibig at sa unang

pagkakataon mula nang ihiga siya sa mesang iyon, lumabas ang isang nakalulunus na sigaw mula sa kanya.

Hindi iyon huminto at bawat segundo ay karirangan ng ibayong sakit.

Hindi na niya kayang tiisin; hindi na niya kayang labanan. Gusto na niyang punitin ang sariling laman dahil sa humihiwang sakit sa bawat himaymay ng kanyang katawan. Her mind willed it to be over. And then she felt the sensation of being pulled up. Ipinikit na lamang niya ang mga mata at nagpatangay sa puwersang humihila sa kanya patungo sa kawalan.

Tumigil na ang pagwawala ng kanyang katawan. Nanatiling nakahimlay ng ilang segundo, bago iyon dahan-dahang kumilos.

Nagmulat si Alina ng mga mata, bumangon at sinipat ang sarili. Wala kahit anong bakas ng sugat sa kanyang katawan. Tinitigan niya ang dalawang kamay, ibinukas at ikinuyom ang mga daliri. Pagkatapos ay tumayo siya. Sa una ay naging mabuway ang kanyang tindig ngunit madali niyang nabawi ang balanse.

She felt strong, rejuvenated.

Unti-unting nagkahugis ang isang ngiti sa kanyang mga labi. At hindi nagtagal, ang ngiting

Dark Angel - Doreen Laroya

iyon ay naging isang matinis na halakhak na umalingawngaw sa bawat sulok ng silid.

Outside, the wind blew and lightning flashed across the darkened sky.

Taglay ang katawan ng kaawa-awang si Alina, patuloy na tumawa si Maelgar.

3

Nasa loob ng kubo si Eros at inihahanda ang kanyang sandata. Nabuo na sa isip niyang pasukin nang palihim ang palasyo ng Thyrian upang iligtas si Alina. It was a suicide mission. Batid niyang sa oras na pasukin niya ang kastilyo ay maliit ang tsansang makabalik pa siya nang buhay.

Handa na ako sa anumang mangyayari.

“Hindi tama itong binabalak mo, Eros.” Tinig iyon ni Calixto, isa sa pinagkakatiwalaang mandirigma ng kanyang ama. Kasama niya ito nang saklolohan nila si Artemis at ang grupo ni Bartos.

“Tumabi ka, Calixto. Hindi ko hinihingi ang opinyon mo,” pagalit niyang usal. Nagtatagis ang mga bagang niya.

Nakipagsukatan ito ng tingin sa kanya. Ngunit sa bandang huli ay nagbigay-daan din ito. Sa labas ay nakalinya at nakaharang ang apat pa niyang kasama.

“Ano’ng ibig sabihin nito?”

“Hindi ka namin puwedeng hayaang lumakad mag-isa,” ani Vladen, isa sa mga kababata niya. Apo

ito ni Heneral Ildamar, isa sa mga matatanda.

“Kung hindi ka namin mapipigilan, sasama kami sa ’yo.”

Gustong manubig ng mga mata niya. Hangga’t maaari, ayaw na niyang idamay pa ang mga ito. He was sick to death of crying over graves.

“Hindi n’yo kailangang gawin ito.”

Isang tapik sa balikat ang naramdaman niya mula sa likuran. Nilingon niya ang isang nakangiting Calixto.

“Si Alina’y para na rin naming kapatid. Isa tayong malaking pamilya. Walang iwanan, nakalimutan mo na ba?”

He wanted to hug each and every one of them. Isang mahinang pasasalamat lang ang nagawa niyang sambitin. Sabay-sabay nilang inilabas ang kanilang pakpak at ilang sandali pa ay nasa himpapawid na sila, sa ibabaw ng lawa ng Aschelon, patungo sa talampas ng Zerai.

Sa burol ng Haeo ay nakamasid lamang si Heneral Iltamar sa grupo. Matanda na ito at hindi na makapagsalita nang tuwid. Gustuhin man niyang pigilan ang grupo, wala na siyang kapasidad para

pangaralan ang mga ito.

Malungkot siyang nakatanaw sa grupo. Wala siyang maipipintas sa kagitingan ng mga ito. Ngunit taglay rin ng mga ito ang kapusukan ng kabataan. At doon siya natatakot, higit para kay Eros.

Isang mahalagang tadhana ang naghihintay rito. Wala itong kamalay-malay sa papel na gagampanan nito sa huling digmaan. Isa ito sa tinutukoy ng propesiya, ang nakatadhanang mamahala at atasan ang kapangyarihan ng *gaisma*.

Nakarinig siya ng isang pamilyar na huni at nang lingunin niya ang isang puno ay nakita niya roon ang isang puting kuwago. Animo nakatitig ito sa kanya, ang malalaking bilog ng mga mata ay nagpakita sa kanya ng isang pangitain. Napuno ng panlulumo ang kanyang puso. Ngunit kasabay niyon ay muling nabuhay ang pag-asa. Dumating na ang takdang oras.

Nagawang makapasok ng grupo ni Eros sa loob ng palasyo. Walang kahirap-hirap nilang narating ang grand hall. Doon niya nakita si Alina na napapalibutan ng ilang mga *gedrocht*. Paakyat ang mga ito sa ikalawang palapag. Sinenyasan niya ang mga kasama na sumunod.

Sa ikalawang palapag ay nakita niyang ipinasok ng mga *gedrocht* ang dalaga sa silid ng reyna. Doon na siya kinabahan. Alam niyang naroon si Maelgar at natatakot siyang baka kung ano ang gawin nito sa dalaga. Muli ay sinenyasan niya ang mga kasama. Hinintay lamang nilang makaalis ang unang grupo ng *gedrocht* at saka sila maingat na pumasok sa kuwarto.

To their surprise, the room was empty except for Alina who stood outside the balcony.

“Alina,” mahinang tawag niya sa nobya.

Maelgar smiled wickedly.

Kanina pa niya nararamdaman ang presensya ng mga kaaway sa loob ng palasyo. At hinayaan lamang niya ang mga ito. Walang kaalam-alam ang mga kawawang nilalang na hindi na si Alina ang kausap ng mga ito.

Hinarap niya ang binatang nagsalita matapos magpaskil ng isang takot na ekspresyon sa mukha.

“E-Eros?”

Mahigpit itong yumakap sa kanya. At gusto niyang pumalampak. Ang daga na ang kusang lumapit sa pusa. And she was overwhelmed just by thinking

of pleasurable ways to torture him. It would be very exciting, lalo kung paglalaruan muna niya ang mga ito.

“Mabuti naman at ligtas ka. Halika na, aalis na tayo dito.”

Hindi siya tumutol nang hawakan nito ang kanyang kamay at hilahin siya palabas ng silid. Kasunod nila ang mga kasama nito.

Nang nasa malaking bulwagan na sila, itinulak siya nito upang magkubli sa likod ng isang malaking poste dahil isang pulutong ng *gedrocht* ang dumaan sa malapit sa kanila.

“S-saan tayo pupunta?” kunwa ay takot na tanong niya.

“Babalik na tayo sa isla.”

“Natatakot ako, Eros.”

“Huwag kang mag-alala. Ako ang bahala sa iyo. Hindi ko hahayaang mabawi ka pa nila sa akin.”

Hinila siya ng binata nang makalayo ang pulutong. Pinigilan niya ito pati na ang limang kasama nito.

“Mapanganib kung diyan tayo dadaan. Maraming

nagbabantay sa labas.”

Nagkatinginan ang lima.

“M-may alam akong lihim na lagusan. Sa gubat sa paanan ng Bundok Kalnas tayo lalabas. Maaari na tayong lumipad mula doon.”

Nakita niyang nag-aalangan pa ang mga ito. Dapat niyang mapapayag ang grupo nang hindi gumagamit ng kanyang kapangyarihan.

“Eros...” Nangunyapit siya sa braso ng binata. Pinalambing niya ang tinig, nilangkapan ng sapat na takot upang makumbinsi ito.

“Sige, halika na.”

She grinned secretly. Nahulog na ito sa kanyang patibong.

She led them inside the library. Sa isang sulok doon ay kinapa niya ang isang nakatagong tarangka at hinila. Gumalaw ang isa sa konkretong dingding at nabuksan ang isang madilim na lagusan.

Kinuha niya ang isang kandila mula sa kandelabrang nakapatong sa isang aparador. Idinikit niya iyon sa isang panig ng dingding. Nag-apoy ang bahaging iyon at gumapang papasok pa sa lagusan. Nagliwanag ang loob.

“Paano mo nalaman ang lagusang ito?” tanong ni Eros sa kanya.

“D-dito nila ako idinaan noong ipasok nila ako sa palasyo.”

Hinintay niyang magtanong si Eros, pero hindi na ito nagsalita. Lihim na naman siyang napangiti.

Naunang pumasok ang limang kasama nito. Hindi pa sila nakalalayo ay bumagsak ang bakal na parilya sa unahan.

Nagulat ang lima at mabilis sanang babalik nang bumagsak ang isa pang bakal na harang sa daraanan ng mga ito.

“Calixto, Vlan!” tawag ng binata sa mga kasama. Nakarinig sila ng ugong at mayamaya pa ay kumilos ang dalawang konkretong dingding palapit sa isa’t isa.

“Eros, tulungan mo kami!” hindik na daing ng lima. Walang makapigil sa pagdidikit ng dalawang dingding. Ilang minuto pa at maiipit na ang mga ito.

Kumilos si Eros upang tulungan ang mga kasama ngunit mabilis niya itong pinigilan.

“Eros, huwag! Baka mapahamak ka.”

“Kailangan ko silang tulungan, mga kaibigan natin sila.”

“Wala ka nang magagawa! Naramdaman na tayo ni Maelgar. Mahika niya ang nagpakilos sa mga patibong.”

Naghihiyawan na ang limang nasa loob. Eros cursed under his breath. Halos maglabasan na ang mga ugat nito sa tindi ng pagkakakuyom ng mga kamao. But he was helpless.

Hinila niya ito palabas ng lagusan kasabay ng paglalapat ng dalawang dingding at ang tunog ng mga nadurog na buto. The agonizing screams stopped.

Galit na galit si Eros nang makalabas sila ng silid-aklatan at bumalik sa malaking bulwagan. Nagulat pa ito nang isang pulutong ng *gedrocht* ang humarang sa kanila.

With eyes focused on the enemy, Eros reached out for her hand. Napalingon ito nang bigla siyang humalakhak.

“Napakatanga mo naman, Eros.”

“A-ano’ng...?”

Sandaling binalikan ni Eros ang ilang minutong nakalipas. Ngayon lang niya naisip na isa lamang patibong ang lahat. Mula sa pagpasok niya sa silid ng reyna hanggang sa pagpasok nila sa lagusan at pagkamatay ng kanyang mga kasama. Ngayon lang niya naisip na naging madali sa kanila ang matagpuan si Alina. Iyon pala ay bahagi iyon ng isang planong tambangan sila.

Napasulyap siya sa babaeng inakala niyang si Alina. Hinihintay niyang magbago ang anyo nito ngunit nanatiling taglay nito ang mukha ng babaeng mahal niya. Lalo siyang nanghilakbot.

“Maelgar,” singhal niya. Ngumisi lang ito. “Ano’ng ginawa mo kay Alina?”

“Binigyan ko lang ang katawan niya ng isang bagong kaluluwa.”

What she said angered him to the hilt. Mabilis niyang hinugot ang espada ngunit bago pa niya iyon maiumang sa kaharap ay naunahan na siya nito. Nakuha nitong sakalin siya gamit ang isang kamay, habang ang kabila ay pumigil sa kamay niyang may hawak na espada.

Hindi niya magawang makawala sa pagkakabilanggo nito. She was too strong even for

him.

Humigpit ang pagkakasakal nito sa kanya. At nararamdaman na niyang unti-unti na siyang kinakapos ng hininga. Pilit niyang kinakalas ang pagkakaikot ng mga daliri nito sa kanyang leeg ngunit animo iyon isang mahigpit na gato.

He whimpered as he struggled to be free. Malakas ang naging halakhak ni Maelgar habang pinapanood ang unti-unting pangangitim ng mukha niya dahil sa kawalan ng hangin.

And then something strange happened. Umihip ang malakas na hangin at nabuksan ang lahat ng bintana sa malaking bulwagan. Isang nakabubulag na liwanag ang pumalibot sa buong silid. Nagulat at nasilaw si Maelgar kaya nabitiwan siya. Malakas ang ginawa niyang pagsinghap. Pagkatapos ay naramdaman niyang may nagpasan sa kanya at mabilis siyang inilayo sa lugar na iyon.

Sa nanlalabo niyang paningin ay sinikap niyang alamin kung sino ang mahiwagang nilalang na tumulong sa kanya. Ngunit ang tanging nakita lamang niya ay isang puting usok na korteng tao.

Mo nor sa elbeum...

Huwag kang matakot...

Isa iyong bulong na nagpakalma sa kanya. At habang lumilipad ang kanyang katawan ay ipinikit niya ang mga mata. Bahala na ang langit kung saan man siya dalhin ng misteryosong nilalang.

Isang malakas na ungol ang kumawala kay Eros kasabay ng bigla niyang pagbalikwas. Nalilitong inilibot niya ang paningin sa paligid.

Nasa loob siya ng isang puting silid. Wala iyong sulok at ni hindi niya maaninag ang hangganan. Kapag pinipilit niya ay sumasakit ang kanyang mga mata dahil sa sobrang liwanag.

“Gising ka na pala.”

Nilingon niya ang malamyos na tinig. Isang napakagandang babae ang nasa kanyang harapan. Mahaba ang ginintuan nitong buhok, maamo ang mga mata, maputi at makinis ang kutis. Nakasuot ito ng isang puting roba at isang kuwintas na ang palawit ay kawangis ng nakatatak sa noo nito. Sa paningin niya ay may sinag ng liwanag na sumisingaw sa buong katawan nito.

Nangunot ang noo niya. Saan ito nanggaling? Wala siyang makitang pintuan sa likuran nito.

“S-saan ako naroon?”

“Narito ka sa Caeli. Ako si Ceridwen, isa akong Verndari. At ikaw si Eros, ang magiting na anak ni Heneral Artemis.”

Naguguluhan pa rin siya. Ngunit hindi niya malaman kung paano isasatinig ang mga tanong sa kanyang isipan.

“Nagtataka ka marahil kung bakit ka narito, kung bakit kita iniligtas.”

Tumango siya. Ngumiti ang dalaga at pakiramdam ni Eros ay hinaplos ng isang malamig na kamay ang kanyang puso. Isang di-maipaliwanag na kapayapaan ang lumukob sa kanya.

Alam niyang ang kastilyo ng Caeli ay ang dating tirahan ni Gaiea. Ngunit sa pagkakaalam niya ay matagal na nitong nilisan ang Aschelon. Ang tungkol sa mga Verndari ay isang alamat na nakalakhan na lamang niya. Wala sa hinagap niyang totoo ang mga ito.

“Sumunod ka sa akin. Sasabihin ko sa iyo ang lahat ng dapat mong malaman.”

Tumalikod ito at biglang naglaho sa paningin niya. Pikit-matang sumunod siya rito. Pakiramdam

niya ay lumusot siya sa ulap. Pagmulat ng kanyang mga mata ay nasa gitna na sila ng isang hardin. Hinanap niya si Ceridwen. Nakita niya itong nakatayo sa gitna ng apat na naglalakihang poste. Nakatingin ito sa kanya at naghihintay.

Mabilis niyang tinalunton ang paakyat na daan patungo sa kinatatayuan nito.

Malapit sa kinatatayuan nila ay nakaukit sa marmol na sahig ang isang simbulo na katulad ng nasa noo ni Ceridwen. It resembled a four-bladed shuriken, inside a circle and with a hollow center.

“Ito ang simbulo ng buong Aschelon, Eros.”

Hinawakan nito ang palawit ng suot na kuwintas at dinukot mula sa pinakagitna ang isang malinaw na bato na kasinlaki lamang ng butil ng mais. Inihulog nito ang bato sa gitna ng nakaukit na simbulo. Sa isang iglap ay napuno ng malapot ngunit malinaw na tubig ang puwesto na binagsakan ng bato.

Kumumpas sa ibabaw niyon si Ceridwen. Unti-unting umangat ang tubig sa hangin at nagmistulang isang patag na salamin na nakalutang sa ere.

Hindi makapaniwala ang binata sa nasaksihang mahika.

“Pagmasdan mo, Eros.”

Tumutok siya sa bagay na pinalutang nito. At doon ay parang pelikulang ipinalabas muli ang mga naganap ilang daang taon na ang nakakaraan.

Una niyang nakita ang isang digmaan sa pagitan ng isang lalaki at isang babaeng sa hula niya ay mismong si Gaia. Pagkatapos ng digmaan ay nakita niya ang mismong altar na kinatatayuan nila. Naroon si Gaia, ang espadang hawak nito ay nakalutang na sa hangin at nagniningning. Ilang sandali pa ay nagpakawala ito ng apat na kulay ng liwanag; pula, asul, berde at puti.

Sa isang kumpas ni Gaia ay kumalat ang liwanag sa apat na dako hanggang sa tuluyan iyong maglaho. Ang espada ay unti-unti namang nabalot ng isang kristal bago dahan-dahang nilamon ng marmol na sahig.

Isa pang digmaan ang sumunod niyang nasaksihan ngunit malinaw na niyang nakita roon ang sagisag ng apat na kaharian ng Aschelon. Pagkatapos ay nakita niya ang isang lalaking ibinilanggo ang isang babae sa isang pahabang kristal.

Ang sumunod na tagpo ay isang eklipse at ang kanyang kapanganakan. Ang huli ay ang pagbilog ng

dalawang buwan ng Aschelon at ang kapanganakan naman ng prinsesa ng Thyrian.

Matapos niyang masaksihan lahat ay awtomatikong nalusaw na sa hangin ang bagay na nilikha ni Ceridwen.

“Hindi ko pa rin maintindihan.”

Isa-isang ipinaliwanag sa kanya ni Ceridwen ang nasaksihan niyang mga tagpo. Magmula sa digmaan sa pagitan ng mga Verndari at ng puwersa ni Erasmus; ang tungkol sa *gaisma*, ang makapangyarihang espada na ginamit ni Gaiea; hanggang sa panahon ng kapanganakan niya at ng prinsesa.

4

“Ano’ng kaugnayan ko sa lahat ng ito?”

Naglakad si Ceridwen pababa ng altar. Para itong lumulutang lang sa hangin, ang mahabang buhok ay halos umabot na sa talampakan nito.

“Bago pa man lisanin ni Gaiea ang Aschelon matapos niyang matalo si Erasmus, nag-iwan siya ng isang propesiya. Na darating ang isang panahon na muling mababalot ng itim na kapangyarihan ang buong Aschelon. Magdurusa ang buong lupain, marami ang mamamatay, babagsak ang apat na kaharian. Ngunit sa araw na itinakda ay may dalawang nilalang ang darating na pinili ng tadhana upang maging tagapagligtas. Muling magiging ang nahimbing na *gaisma*.”

“May taglay kang naiibang kapangyarihan...”

Parang alingawngaw iyon na umugong sa kanyang pandinig. Hindi kaya tama ang kanyang ama? Ngunit anong kapangyarihan naman ang taglay niya na hindi taglay ng ibang Aer?

“Ang *raktas* at ang *valdivas*. Isang gigising sa *gaisma* at isang magmamay-ari at mag-uutos sa

kapangyarihan nito.” Sumulyap si Ceridwen sa kanya.

“Ikaw ang *valdivas*, Eros. At ang *raktas* ay si Prinsesa Rhoswen ng Thyrian, ang nawawalang susi.”

Hindi pa rin makapaniwala si Eros. Naiiling na tinawanan lang niya ang sinabi ng Verndari.

“Nagkakamali ka. Imposibleng ako ang tinutukoy mo. Isa lamang akong ordinaryong Aer. Wala akong taglay na kakaibang kapangyarihan.”

“Hindi maaaring magkamali ang propesiya.”

“Paano kang nakatitiyak?”

“Dahil nakasaad din doon na ilalahad ng kambal na buwan ng Aschelon ang mga itinakdang maging tagapagligtas ng lupain natin.”

Kinabahan siya. Ipinanganak siya sa eksaktong oras na nagsanib ang dalawang buwan ng Aschelon, isang pangyayaring minsan lang kung maganap sa loob ng daang taon. Ngunit ang prinsesa...

“Si Prinsesa Rhoswen ay ipinanganak sa isang Shia Tun.”

“Ang ikalawang pagbibilog ng buwan sa isang taon sa Aschelon,” pagtatapos niya sa dapat ay sasabihin ni Ceridwen.

Minsan lang din sa daang taon na nangyaring nagkaroon ng ikalawang pagbilog ang kambal na buwan sa parehong taon.

“Ngunit...” Napailing siya. “Kung ako nga ang *valdivas* na tinutukoy mo, hindi ako karapat-dapat sa kapangyarihang ipinagkaloob sa akin. May bahid ng dugo ng maraming Aer ang aking mga palad. Ilan na sa aking mga kasama ang dinala ko sa kanilang katapusan.” Nanginig ang kanyang tinig sa panlulumo.

Naalala niya ang mga kaibigang kanina lang ay binawian ng buhay dahil sa kanya. Naisip niya ang mga pamilyang iniwan ng mga ito.

“Ang lahat ng naganap ay pagsubok sa iyong katatagan. Ituring mong isang malaking aral ang bawat pagkakamali. Ang bawat buhay na nawala’y gamitin mong inspirasyon para matupad ang iyong tadhana.”

Naglapat ang mga bagang niya. Nag-init ang mga mata niya sa nagbabantang luha.

“Huwag kang manangis sa mga buhay na nawala. Huwag mong panghinayangan ang hindi mo nagawa sa nakaraan. Isipin mo ang mga taong nabubuhay at naghihintay sa muling pagsilay ng pag-

asa. Hindi mo na mababago ang nakalipas ngunit may kapangyarihan kang itakda ang gusto mong kinabukasan.”

Tama si Ceridwen. Hindi siya dapat malungkot. Hindi siya dapat panghinaan ng loob. Hindi ang sarili niya ang kalaban niya kundi si Maelgar. At kung hindi siya kikilos, mawawalan ng saysay ang sakripisyo ng mga taong naghirap sa mga kamay nito.

“Nauunawaan mo na ba, Eros?”

“Oo. Ngunit hindi ko pa rin maintindihan kung bakit ako ang pinili. Hindi ko maramdaman ang kapangyarihang sinasabi mo.”

“Ang kapangyarihan ay nagmumula sa kaibuturan ng iyong puso. Sa ngayon, hindi pa iyon nagigising. Ngunit darating ang oras na kusa iyong lalabas.”

Naupo siya sa isang malaking bato. Nalilito pa rin siya. Hindi pa rin rumehistro sa isip niya ang bigat ng tungkuling nakaatang sa kanyang mga balikat.

Noon ang tanging nasa isip niya ay ang makipaglaban. Kahit pa malabo ang tsansang magtagumpay sila laban sa malakas na kapangyarihan ni Maelgar. Nakahanda na siyang mamatay kasama ng mga mandirigmang Aer na katulad niya.

Ngayon, narito at sumisiit ang liwanag ng pag-asa. May paraan pala upang wakasan na nang tuluyan ang kasamaan ni Maelgar. At nakasalalay iyon sa kanya.

Isang walang katumbas na takot ang kanyang naramdaman.

Hindi niya namalayan ang paglapit ni Ceridwen.

“Eros...”

Tumingala siya sa Verndari. Malamlam at maamo ang mga mata nito. At ang ngiti ay kasing-init ng sinag ng araw.

“Natatakot ako,” nasabi niya. Daig pa niya ang isang batang nagsusumbong sa ina.

They were in a war and he was prepared to die just like the rest. Hindi niya gustong maging isang bayani. Ang nais lang niya ay ang gamitin ang kanyang kakayahan bilang isang mandirigma upang tulungan ang Aschelon. If they would fail, then he would be another dead soldier in an unmarked grave. Iyon ang kapalarang tinanggap niya.

“*Du waba mayrunam lob yotadunk barab...*” Humahagod sa kanyang kaluluwa ang malamyos na tinig ng Verndari.

Ganoon din ang sinabi ng kanyang ama. Na nakatakda niyang wakasan ang kasamaan at ibalik ang katahimikan sa buong kaharian.

“Sa takot nag-uugat ang katapangan. Walang magiting na mandirigmang hindi nakadama ng takot sa tuwing siya ay nakikipaglaban. Ang higit na mahalaga ay kung paano mo iyon gagamitin upang magtagumpay.”

He nodded in full submission to his fate. “Ano’ng dapat kong gawin?”

“Kailangan mong hanapin ang susi at ibalik siya rito. Kapag nagawa mo iyon, doon pa lamang magsisimula ang inyong paglalakbay. Sa oras na mahanap ni Prinsesa Rhoswen ang apat na dala at maibalik iyon sa *gaisma*, tuluyang magigising ang kapangyarihan ng mahiwagang espada. At ikaw... ikaw lamang ang may kakayahang utusan ang kapangyarihan nito.”

Dinampian nito ng isang palad ang kanyang balikat. Wala itong sinabi ngunit malinaw niyang naunawaan ang ipinararating ng mga mata nito.

“Maaari ba akong bumalik muna sa Aeronia?”

“Wala nang panahon, Er—” Bigla itong napaluhod at napadaing. Sapo nito ang tapat ng dibdib nang

alalayan niya.

“Ano’ng nangyari sa ’yo?”

Iniupo niya ito sa batong inupuan niya kanina. Sa hitsura ay parang nahihirapan itong huminga.

“Ang kadiliman... Unti-unti nang humihina ang harang. Kinakain na ng kadiliman ang aura ng lugar na ito. Humihina na ang kapangyarihan ko, Eros,” malungkot nitong dugtong.

“Kung ganoo’y handa na akong gawin ang ipag-uutos mo.”

Tumango si Ceridwen. Nagpilit itong tumayo. Naging mabuway ang tindig nito ngunit ilang sandali lang ay nagawa nitong mabawi ang nawalang lakas.

“Bubuksan ko na ang lagusan patungo sa mundo ng mga tao.”

Tumango lang siya. Wala nang dagdag na paghahanda pa na kailangan niyang gawin.

“Sumunod ka sa akin.”

Pumasok sila sa loob ng kakahuyan sa dulo ng hardin. Doon ay may isang malapad na batong pader. Ikinumpas ni Ceridwen ang dalawang kamay at umusal ng isang orasyon.

Nagkaroon ng buhay ang pader, umurong ang ilang bato at may lumabas na isang madilim na lagusan.

Humarap sa kanya ang Verndari, hinubad ang suot na kuwintas at isinuot sa kanya.

“Ipakita mo iyan kay Myrdin sa oras na matagpuan mo na ang susi,” bilin nito.

“Paano ko makikilala ang susi? Hindi ko alam ang hitsura ni Prinsesa Rhoswen.”

Ngumiti lang ito. “Huwag kang mag-alala. Makikilala mo ang prinsesa.”

Isa iyong talinhaga, alam niya. Ngunit hindi na siya binigyan pa ng pagkakaton nito para makapagtanong. Sa isang iglap ay para siyang hinigop ng lagusan. Hanggang sa tuluyan na siyang lamunin niyon.

Nagising si Eros na nakahiga na siya sa isang damuhan sa loob ng isang bakanteng lote. Hindi niya batid kung gaano katagal siyang naglakbay sa lagusan. Nawalan na siya ng malay bago pa man niya marating ang mundo ng mga tao.

Bumangon si Eros at malakas na napaungol

dahil sa matinding sakit ng kanyang sentido. Para siyang lasing na humahapay sa paglalakad patungo sa kahoy na tarangkahan. May malaking siwang na nalikha ng dalawang tabla na nawala sa pagkakapako sa banghay.

Sumilip muna roon ang binata. Muli siyang napaatras dahil sa nasaksihang kapaligiran. Nagtataasan ang mga gusali at umiilaw na parang napapalibutan iyon ng mga sulo. Hindi rin pamilyar sa kanya ang ingay na narinig.

His heart hammered widely. Anong klaseng lugar ba itong napuntahan niya? Pumintig na naman ang kanyang sentido. Napasandal siya sa bakod dahil sa naramdamang panghihina.

Kailangan kong makaalis dito, aniya sa sarili nang maalala ang dahilan kung bakit siya naroon.

Napilitan siyang lumabas. Lalong tumindi ang sakit ng ulo niya dahil sa ingay ng mabibilis na karwaheng tumatakbo sa sali-saliwang daan. Katulad ng mga gusali, may mga sulo rin iyon sa unahan. Kahit ang mga poste ay mayroon din niyon.

Napaungol si Eros. Ipinilig niya ang ulo dahil nagdidilim ang kanyang paningin. Nakaramdam na rin siya ng pagkahilo. Sumandal siya sa poste. But

it made his nausea worse. Bigla siyang tumawid ng kalsada saktong may isang matulin ang takbo na metal na bagay ang bumangga sa kanya.

Naramdaman na lamang ni Eros ang pagtama ng matigas na metal sa kanyang tagiliran at ang pagbagsak ng katawan niya sa sementadong daan.

“Oh, my God! Oh, my God.” Hangos na lumabas ng sasakyan si Rhoswen. Nilapitan niya ang nakabulagatang katawan sa unahan ng kanyang kotse. Una niyang dinama ang pulso nito, malakas pa naman. At pantay rin ang paghinga ng binata. Wala siyang makitang sugat sa katawan nito maliban sa kapirasong gasgas sa may sentido.

Umungol ang lalaki at nagmulat ng mga mata. Bumilis ang tibok ng kanyang puso nang magtama ang kanilang mga mata.

“O-okay ka lang ba? Ano’ng masakit sa ’yo?” nag-aalalang tanong niya. Sinubukan nitong bumangon, pero napangiwi ito at malakas na napaungol.

“Don’t move. Siguradong may concussion ka.” She should know dahil isa siyang nursing student. Kagagaling nga lang niya sa volunteer duty sa isang ospital. “Dadalhin kita sa ospital.”

Blangko ang tingin nito, isang malinaw na senyales na nagkaroon nga ito ng head concussion.

“Dito ka lang. Kukunin ko lang ang cellphone ko sa bag. Tatawag ako ng rescue.”

The man uttered something unintelligible. Hindi na niya ito pinansin. Hangos niyang kinuha ang cellphone sa bag at pinindot ang emergency number. Ibinigay niya ang lahat ng detalyeng kailangan ng operator.

Pagkatapos, binalikan niya ang lalaking nakalugmok pa rin sa semento. Pabiling-biling ito at may instance pa na nagpilit itong bumangon.

“Huwag kang bumangon. Baka makasama sa iyo.”

The guy stared at her. “S-sino ka?”

Iyon ang unang beses na nagsalita ito. At hindi niya maintindihan kung bakit ganoon na lang ang epekto ng tinig nito sa kanya. It was as if someone punched her in the gut.

“A-ako si...” Hindi na niya naituloy ang sasabihin dahil nakarinig na siya ng sirena ng paparating na ambulansya. Kumaway siya upang makita siya nito.

Mabilis na in-examine ng mga paramedics ang

Dark Angel - Doreen Laroya

lalaki. Nagpumiglas pa ito nang tangkain ng isa na suotan ito ng soft cervical collar. Lumapit siya agad, idinampi ang isang palad sa noon ito at bumulong.

“Sshh. It’s going to be all right,” aniya. Agad naman itong kumalma.

5

That voice! That soothing voice...

Para siyang idinuyan ng tinig na iyon. It was like hearing Ceridwen's voice all over again. Nakakakalma.

Sinikap ni Eros na ituon ang mga mata sa mukha ng dalagang nasa tabi niya. Pero malabo pa rin ang paningin niya. Napakasakit ng ulo niya na hindi niya magawang panatilihing bukas ang mga mata.

He felt himself being lifted up. Naririnig din niya ang tinig ng mga nakapalibot sa kanya. He could also sense her, smell her...

“Dadalhin ka nila sa ospital,” narinig niyang sabi nito. Nahulaan na niyang hindi ito sasama. He panicked and grabbed her hand. Sa hindi malamang dahilan, hindi niya gustong mawalay ito sa kanyang tabi.

“*Mo nor hava ta...*” anas niya na ang ibig sabihin ay huwag siya nitong iwan.

Pinisil ng dalaga ang palad niya. “Hindi kita iiwan. Pero hindi ko puwedeng iwan ang sasakyan ko. Susunod ako sa ospital. Promise.”

Wala siyang maunawaan sa sinabi nito. Ngunit nang sinubukan nitong kumawala sa hawak niya, lalo lang niyang hinigpitan ang pagkakahawak sa kamay nito.

“Please bitiwang mo na ang kamay ko. Susunod ako sa inyo, pangako.”

Something in her voice compelled him to let her go. Puso na niya ang nagsabing paniwalaan ang bawat sinabi nito.

Nang tuluyan siyang maisakay sa loob ng sinasabi nitong ambulansya ay sinikap niyang muling idilat ang mga mata. He wanted to see her face again. Pero anino na lang nito ang nakita niya.

Nagmamadaling sumakay ng kanyang kotse si Rhoswen. Masyado siyang nag-aalala sa binata kahit pa hindi niya ito kilala. At ang sinabi nito kanina, hindi iyon ordinaryong lengguwahe. At least, hindi dito sa mundo ng mga tao.

Minsan na niyang narinig ang wikang iyon. A thought kept nagging at the back of her mind. Isang bagay na sinabi sa kanya ng lolo niya.

Mabilis ang pagtibok ng kanyang puso habang

sinusundan ang ambulansya. Dumating na ba ang takdang oras? Ito na ba ang nilalang na hinihintay ng kanyang lolo at tiyuhin? Ang nilalang na kinatatakutan niyang makilala?

“Hello, Auntie?”

Hawak ni Rhoswen ang kanyang cellphone. Naroon siya sa labas ng emergency room. Nasa loob na ang binatang nabunggo niya at kasalukuyang tsine-check up ng resident doctor.

“Pasensya na po. Medyo male-late ako ng uwi. Ano kasi...” Nakagat niya ang ibabang labi. Tiyak na mag-aalala si Neala sa susunod niyang sasabihin. “Nagkaroon lang ng minor accident.”

Napangiwi siya’t agad na inilayo ang cellphone sa tainga. As expected, nag-panic kaagad ang kanyang kausap.

“Auntie, okay lang ako. Hindi ako ang naaksidente. Actually, nakabunggo ako ng tao.”

Umikot ang mga mata niya. Kung kanina ay pag-aalala, ngayon ay walang katapusang litanya tungkol sa driving safety ang nagpapasakit sa kanyang tainga.

“Auntie, hindi matulin ang pagpapatakbo ko.”

May sinabi na naman ito sa kabilang linya.

“Ang mabuti pa’y hintayin n’yo na lang akong umuwi. Ikukuwento ko sa inyo ang lahat pagdating ko diyan.”

Patlang na naman.

“Sige na po. Pakisabi na lang kina Uncle at Lolo. And please, huwag na po kayong mag-alala.”

Matapos i-off ang telepono ay bumalik na siya sa loob ng emergency room.

“Doc, ano po’ng lagay niya?” tanong niya sa manggagamot na tumingin dito.

“Sa tingin ko’y wala naman siyang serious head injury, just a minor concussion. And except for a few scratches, wala ring nabaling buto. Pero may nakita akong kakaiba sa kanyang katawan.”

“Ano po’ng ibig ninyong sabihin?”

“May dalawang mahabang scar sa kanyang likod approximately five inches below his shoulder bones, parallel to his spinal column at nagtapos sa may bandang baywang.”

Nanlaki ang mga mata niya. “D-dahil po ba iyon sa aksidente?”

Umiling ito. “I doubt it. Napaka-identical ng dalawang sugat bukod pa sa may pantay na distansya sa pagitan. May nakapa rin akong matigas na bagay sa loob niyon. I’m not sure if it’s a tumor or what. Kung papayag ka, I would like to do a full body X-ray para malaman natin kung ano ’yun. Gusto ko rin siyang i-schedule for a head CT Scan para masigurong walang internal damage sa utak niya.”

“S-sige po. Kayo po ang bahala.”

“Ipapadala ko na siya sa X-ray room ngayon. Yung CT Scan ay bukas na lamang natin gawin pag lumabas na ang result ng blood test niya.”

Tumango lang siya. Pagkatapos siyang kausapin ay tinawag nito ang isang nurse at nagbigay ng instructions. Ilang sandali pa, itinutulak na ang gurney ng binata papasok sa X-ray room.

“Miss, pakihubad na lang ng suot niyang kuwintas,” anang nurse. SOP iyon sa alinmang ospital na dapat ay walang suot na anumang alahas ang kukunan ng X-ray.

Hinubad niya ang alahas na suot ng binata. It had a strange pendant. Pamilyar na naman sa kanya. Saan na nga ba niya nakita ang ganoong simbulo?

Sa left shoulder ni Lolo Myrdin...

Bigla siyang nanlamig. Nanghihina siyang hindi niya mawari kaya napaupo na lamang siya sa bench. Hindi niya namamalayang mahigpit na ang pagkakakapit niya sa kuwintas.

Bigla siyang nakarinig ng komosyon sa loob ng X-ray room. Mukhang may nag-aaway sa loob. Lalapit na sana siya, pero naunahan siya ng pagbubukas ng pinto. Napaatras siya nang makita ang binatang kanyang nabunggo. Humihingal ito at kakikitaan ng pagkalito ang mga mata. Sandali lang itong tumitig sa kanya, bago patakbong lumabas sa ospital.

Wala siyang sinayang na oras at sinundan ito.

“Sandali!”

Ngunit hindi siya narinig ng binata. O kung narinig man siya ay hindi siya nito pinansin.

Mabilis itong tumakbo para sa isang taong may head concussion. Pero mukhang wala naman itong tiyak na pupuntahan. He was running around like an agitated animal. Sumusuot ito sa anumang eskinitang madaanan.

Kahit hinihingal ay sinikap pa rin niyang sundan ito. Ngunit lubha itong mabilis para sa kanya. Sa pagpasok niya sa isang madilim na pasilyong inakala niyang nilusutan nito ay napunta siya sa isang

deadend.

Wala ni anino ng lalaki sa madilim at bakanteng loteng napasukan niya. Aalis na sana siya nang biglang sumulpot naman ang isang grupo ng mga lalaking halatang hindi gagawa ng mabuti.

“Aba, tingnan mo nga naman kung sino ang dumalaw sa hacienda natin!” sabi ng isa. Nagtawanan ang apat pang mga kasama nito.

Dahan-dahan siyang napaatras sa takot lalo na nang buong malisyang hagurin ng mga ito ang kanyang kabuoan. Nagpalinga-linga siya sa paligid, naghanap ng puwedeng ipangdependa sa sarili. Ngunit sa malas ay puro basura lang ang nakita niya.

Pinalibutan siya ng lima. Sa malapitan ay nakita niyang namumula ang mga mata nito. Naghalo na ang amoy ng alak at marijuana sa hininga ng mga ito.

Panay ang ikot niya. Binalikan niya sa isip ang self-defense techniques na itinuro sa kanya ng kanyang Uncle Cayden. Huminga siya nang malalim at bahagyang pinaghiwalay ang mga paa. Inihanda na niya ang sarili sakaling dambahin siya ng mga ito.

Hindi nga siya nagkamali. Isa sa mga lalaki ang pilit sumunggab sa kanya ngunit nabigyan niya ito ng isang suntok sa mukha. Nabigla ang apat nitong

kasama.

“Kung sa tingin n’yo’y makukuha ninyo ako nang hindi kayo nasasaktan, think again,” aniyang pinatigas ang tinig. Hindi dapat mahalata ng mga ito na natatakot siya.

Nagkatinginan ang lima at pagkatapos ay sabay na nagtawanan.

“Okay lang, Miss. Pakitaan mo kami ng galing mo. Pero mag-isa ka lang at lima kami. Mauubusan ka ng lakas bago mo pa man mapatumba ang isa sa amin.”

Nagtawanan muli ang mga ito. Nakaramdam na siya ng panginig ng katawan. Mabilis na gumagana ang kanyang isip kung paano malulusutan ang mga addict na ito.

“Ganyan ang gusto ko sa isang babae, iyong marunong lumaban.”

They were really enjoying her dilemma.

Sinugod na naman siya ng isa at nagawa niya itong sipain sa tagiliran. Ngunit hindi niya inasahan na sabay na susugod ang apat pa. Nagawa ng mga itong mahawakan ang dalawang kamay niya.

“Bitiwan n’yo ako!”

Pinipilit siyang ihiga ng mga ito. At pinipilit din niyang lumaban. Sa oras kasi na maihiga siya ng mga ito ay hindi na siya makakawala. They would rape her and possibly kill her after.

Sumigaw siya nang malakas, umaasang makakakuha ng atensyon ng kung sino.

“Huwag ka na kasing pakipot. Wala ka naman—”

Hindi na naituloy ng lalaki ang sasabihin dahil lumipad na ito sa kabilang panig ng bakanteng lote na animo hinigop ng kung anong puwersa. Sumunod ang isang kasama nito na lumutang pa sa hangin bago bumagsak sa isang sulok.

“What the...?”

May nakikita siyang isang pigura na mabilis na kumilos. Isa-isa nitong dinadampot ang mga lalaki at literal na itinatapon sa parteng malayo sa kanya na para lang naghagis ng isang supot ng basura.

She squinted her eyes to get a better view of her savior. O isa na naman ba itong extraordinary creature na ipinadala upang patayin siya?

Shit! Bakit ba hindi ko naisip iyon?

Lalong tumindi ang kanyang kaba. How could she be so reckless?

Mula sa kawalan ay bigla na lang lumitaw sa kanyang harapan ang misteryosong lalaki. May suot itong isang kuwintas na ang pendant ay katulad ng tatak sa kaliwang balikat ng kanyang lolo. Marunong ito ng lengguwaheng minsan na rin niyang narinig kina Neala.

Alam niya kung saan siya nagmula. Alam niya ang tunay niyang pagkatao. At ang lalaking nabunggo niya kanina ay posibleng galing din sa kaharian na pinagmulan niya. Sa Aschelon.

Lalo siyang natakot. Maaaring isang kaaway ang lalaking nabunggo niya.

She felt the sudden urge to bolt away from the place. Pero bago pa niya nagawang tumalilis ay naharangan na siya ng misteryosong lalaki.

Ang una niyang nakita ay ang hubad nitong mga paa. Nakalutang iyon sa ere. Her eyes wandered upward to his muscular legs and thighs, sa upper body nito and his... wings?

Nanlaki ang mga mata niya nang makitang nagpapagaspas ang isang pares ng light brown na pakpak sa likuran nito.

“You’re....” A what? Isang taong-ibon?

She stood there frozen with fear. Sa sobrang bilis ng tibok ng kanyang puso ay pinangangapusan na siya ng hininga.

She had heard of strange creatures sa mga kuwento ng Auntie Neala niya. At inaasahan na niyang darating ang panahon na lalapitan siya ng kakaibang nilalang. She never thought it could be this frightening.

Nang bumaba ito sa lupa at humakbang palapit sa kanya ay doon na niya nahigit ang hininga at walang malay na babagsak sana sa lupa kung hindi siya nito maagap na nasalo.

Nagsimula nang magsikilos ang mga lalaking inatake niya kanina kaya nagpasya si Eros na ialis na roon ang dalaga. Pinangko niya ang walang malay nitong katawan at inilipad. Unti-unti na itong nagigising nang ilapag niya ito sa isang ligtas na lugar, sa itaas ng isa sa mga gusali sa siyudad.

Eros felt exhausted, too. Itinago niya ang mga pakpak at nanlalatang umupo sa tabi ng dalaga. Pinanood niya ang dahan-dahang pagkilos nito.

Bigla itong bumalikwas ng bangon nang makita siya. Nagkumahog itong makalayo sa kanya. Hindi

siya kumilos sa pagkakaupo.

“S-sino ka?” nanginginig ang tinig na tanong nito.

“Ibalik mo ang kuwintas ko.”

Sandaling bumakas ang pagkalito sa mukha nito. Pagkatapos ng ilang segundong pagkatulala ay dinukot nito sa bulsa ng pantalon ang kanyang kuwintas.

Tumayo siya at mabilis iyong naagaw dito.

“S-saan galing ang kuwintas mo? S-saan ka nanggaling?”

Hindi pa rin niya ito pinansin. Wala siyang planong makipag-usap kahit kanino sa daigdig na ito maliban sa hinahanap niyang prinsesa. Oo nga pala, hindi niya alam kung saan ito hahanapin.

“Ano’ng lugar ito?” tanong niyang hindi man lang tumingin sa dalaga.

“Nasa Antipolo ka,” sagot nito.

He surveyed the whole Metropolis with curious eyes. Sa isang sulok ng malawak at kakaibang lugar na ito ay nananahan ang babaeng kanyang hinahanap.

Kailangan niyang magmadali.

Iginalaw niya ang mga balikat at muling lumabas ang kanyang pakpak. Humarap siya sa dalagang nakatayo lang may ilang dipa ang layo sa kanya. Bilog na bilog ang mga mata nito at bahagya pang nakaawang ang mga labi.

Alam niyang nahihiwagaan ito sa kanya. Hindi na siya magtataka kung sisigaw ito anumang sandali at sasabihan siyang isang halimaw. Sayang at wala siyang anumang kakayahang manghipnotismo. Kung hindi, maaari sana niya itong isailalim sa isang mahika upang makalimutan nito ang lahat ng naganap ngayong gabi.

Aasa na lang siya na sana ay hindi na muling magkrus ang kanilang landas.

“Huwag mo akong iwan dito!” samo ng dalaga.

Tinitigan niya ito.

Deep-set almond-shaped eyes shaded by thick eye lashes stared at him with bewilderment. Her small upturned nose and high cheek bones complimented her heart-shaped face to perfection. Bahagyang nakaawang ang bibig nito.

He could not explain the unexpected heat that coursed down his body when she darted her pink tongue along her slightly trembling lips. Her creamy

white complexion seemed to glow beneath the pale moonlight.

Iniiwas niya ang mga mata sa kagandahang nasa kanyang harapan. May mahalaga siyang misyon na dapat tuparin. Hindi siya nagpunta rito upang pagnasaan ang isang magandang dilag.